

 **Tutulong sa iyo ang dokumento ng Buod ng Mga Benepisyo at Coverage (Summary of Benefits and Coverage, SBC) na pumili ng planong pangkalusugan. Ipinapakita sa iyo ng SBC kung paano ikaw at ang plano ay maghahati-hati sa gastos para sa mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. **TANDAAN:** Ibibigay nang hiwalay ang impormasyon tungkol sa halaga ng planong ito (tinatawag na premium). **Ito ay isang buod lamang.** Pakibasa ang brochure ng FEHB Plan ([RI 71-017]) na naglalaman ng kompletong mga tuntunin ng planong ito. **Napapailalim sa mga kahulugan, limitasyon, at pagbubukod na itinakda sa brochure ng FEHB Plan ang lahat ng benepisyo.** Maaaring mag-iba ang mga benepisyo kung mayroon kang ibang coverage, gaya ng Medicare. Para sa mga pangkalahatang kahulugan ng mga karaniwang katawagan, gaya ng pinapayagang halaga, pagsingil sa balanse, coinsurance, copayment, deductible, provider, o iba pang katawagang nakasalungguhit, tingnan ang Talasalitaan. Makukuha mo ang brochure ng FEHB Plan sa [fepblue.org/brochure](http://fepblue.org/brochure), at tingnan ang Talasalitaan sa [www.dol.gov/ebsa/healthreform](http://www.dol.gov/ebsa/healthreform). Maaari kang tumawag sa 1-800-411-2583 para humiling ng kopya ng kahit alin sa dokumento.**

Mahahalagang Tanong	Mga sagot	Bakit ito Mahalaga:
<b>Ano ang kabuuang deductible?</b>	\$500/Self Only \$1,000/Self Plus One \$1,000/Self and Family	Sa pangkalahatan, dapat mong bayaran ang lahat ng gastos mula sa mga provider hanggang sa <u>deductible</u> na halaga bago magsimulang magbayad ang <u>planong ito</u> . Hindi binibilang sa iyong deductible ang mga halaga ng copayment at coinsurance, na karaniwang nagsisimula sa Enero 1. Kapag napapailalim ang saklaw na serbisyo/supply sa isang <u>deductible</u> , tanging ang allowance ng Plano para sa serbisyo/supply ang mabibilang sa <u>deductible</u> . Kung mayroon kang ibang miyembro ng pamilya sa <u>plano</u> , dapat matugunan ng bawat miyembro ng pamilya ang kanilang sariling indibidwal na <u>deductible</u> hanggang sa matugunan ng kabuuang halaga ng mga <u>deductible</u> na gastusin na binayaran ng lahat ng miyembro ng pamilya ang kabuuang <u>deductible</u> ng pamilya.
<b>Mayroon bang mga serbisyong saklaw bago mo natugunan ang iyong deductible?</b>	Oo. Saklaw ang pang-iwas na pangangalaga, 10 pagpapatingin sa tanggapan, telehealth, agarang pangangalaga, mga paggamot sa pagmamanipula, at acupuncture bago mo matugunan ang iyong deductible.	Sinasaklaw ng planong ito ang ilang item at serbisyo kahit na hindi mo pa natutugunan ang <u>deductible</u> na halaga. Ngunit maaaring mailapat ang <u>copayment</u> o <u>coinsurance</u> . Halimbawa, sinasaklaw ng <u>planong ito</u> ang ilang <u>serbisyong pang-iwas</u> nang walang <u>pagbabahagi ng gastos</u> at bago mo matugunan ang iyong <u>deductible</u> . Tingnan ang listahan ng mga saklaw na <u>serbisyong pang-iwas</u> sa <a href="https://www.healthcare.gov/coverage/preventive-care-benefits/">https://www.healthcare.gov/coverage/preventive-care-benefits/</a> .
<b>Mayroon bang iba pang deductible para sa mga partikular na serbisyo?</b>	Wala	Hindi mo kailangang matugunan ang mga <u>deductible</u> para sa mga partikular na serbisyo.
<b>Ano ang out-of-pocket na limitasyon para sa planong ito?</b>	\$9,000/Self Only \$18,000/Self Plus One \$18,000/Self and Family	Ang <u>out-of-pocket na limitasyon</u> , o maximum na pangsakuna, ay ang pinakamalaking maaari mong bayaran sa isang taon para sa mga saklaw na serbisyo. Kung mayroon kang ibang miyembro ng pamilya sa <u>planong ito</u> , kailangan nilang matugunan ang kanilang sariling mga <u>out-of-pocket na limitasyon</u> hanggang sa maabot ang kabuuang <u>out-of-pocket na limitasyon</u> ng pamilya.

Mahahalagang Tanong	Mga sagot	Bakit ito Mahalaga:
Ano ang hindi kasama sa <u>out-of-pocket na limitasyon</u> ?	Mga premium, singil sa pagsingil sa balanse, pangangalagang pangkalusugan na hindi saklaw ng planong ito, at mga multa para sa hindi pagkuha ng paunang pag-apruba para sa mga serbisyo.	Kahit na binayaran mo ang mga gastusing ito, hindi sila binibilang sa <u>out-of-pocket na limitasyon</u> .
Mas mababa ba ang babayaran mo kung kukuha ka ng <u>nasa network na provider</u> ?	Oo. Tingnan ang provider.fepblue.org o tawagan ang iyong lokal na kompanya ng BCBS para sa listahan ng <u>mga nasa network na provider</u> .	Gumagamit ang <u>planong</u> ito ng <u>network</u> ng provider. Mas mababa ang babayaran mo kung gagamit ka ng provider sa <u>network</u> ng plano. Magbabayad ka ng pinakamalaki kung gagamit ka ng wala sa network na provider, at maaari kang makatanggap ng bill mula sa provider para sa pagkakaiba sa pagitan ng singil ng provider at kung ano ang binabayaran ng iyong plano (pagsingil sa balanse). Mangyaring malaman na maaaring gumamit ang iyong <u>nasa network na provider</u> ng wala sa network na provider para sa ilang serbisyo (tulad ng pagpapasuri sa laboratoryo). Makipag-ugnayan sa iyong <u>provider</u> bago ka kumuha ng mga serbisyo.
Kailangan mo ba ng <u>referral</u> para magpatingin sa <u>espesyalista</u> ?	Hindi	Maaari kang magpatingin sa <u>espesyalistang</u> iyong pinili nang walang <u>referral</u> .



Ang lahat ng gastos sa copayment at coinsurance na ipinapakita sa tsart na ito ay pagkatapos matugunan ang iyong deductible, kung may nalalapat na deductible.

Karaniwang Medikal na Kaganapan	Mga Serbisyong Maaaring Kailangan Mo	Ang Babayaran Mo		Mga Limitasyon, Pagbubukod, at Iba Pang Mahahalagang Impormasyon
		Nasa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamaliit)	Wala sa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamalaki at maaaring masingil ka sa balanse)	
Kung magpapatingin ka sa tanggapan o klinika ng <u>provider</u> ng pangangalagang pangkalusugan	Pagpapatingin sa pangunahing pangangalaga para gamutin ang pinsala o sakit	\$10/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	10 pagpapatingin/taon ng kalendaryo para sa pangunahing pangangalaga, mga espesyalista, at iba pang pinagsamang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Nalalapat ang deductible at coinsurance simula sa ika-11 pagpapatingin. Wala kang babayaran kapag nakatanggap ka ng pangangalagang may kaugnayan sa, at sa loob ng 72 oras pagkatapos ng aksidenteng pinsala.

Karaniwang Medikal na Kaganapan	Mga Serbisyong Maaaring Kailangan Mo	Ang Babayaran Mo		Mga Limitasyon, Pagbubukod, at Iba Pang Mahahalagang Impormasyon
		Nasa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamaliit)	Wala sa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamalaki at maaaring masingil ka sa balanse)	
<b>Kung magpapatingin ka sa tanggapan o klinika ng <u>provider</u> ng pangangalagang pangkalusugan (pagpapatuloy)</b>	Pagpapatingin sa pangunahing pangangalaga para gamutin ang pinsala o sakit	\$10/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	10 pagpapatingin/taon ng kalendaryo para sa pangunahing pangangalaga, mga espesyalista, at iba pang pinagsamang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Nalalapat ang deductible at coinsurance simula sa ika-11 pagpapatingin. Wala kang babayaran kapag nakatanggap ka ng pangangalagang may kaugnayan sa, at sa loob ng 72 oras pagkatapos ng aksidenteng pinsala.
	Pagpapatingin sa <u>espesyalista</u>	\$10/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	10 pagpapatingin/taon ng kalendaryo para sa pangunahing pangangalaga, mga espesyalista, at iba pang pinagsamang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Nalalapat ang deductible at coinsurance simula sa ika-11 pagpapatingin.
	<u>Pang-iwas na pangangalaga/screening/</u> pagbabakuna	Walang bayad. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	Maaaring kailanganin mong magbayad para sa mga serbisyong hindi pang-iwas. Tanungin ang iyong <u>provider</u> kung pang-iwas ang mga serbisyong kailangan. Pagkatapos, tingnan kung ano ang babayaran ng iyong <u>plano</u> .
<b>Kung mayroon kang pagsusuri</b>	<u>Diagnostic na pagsusuri</u> (x-ray, pagsusuri sa dugo)	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Walang bayad para sa unang 10 pagsusuri sa laboratoryo na isinagawa sa bawat isa sa iba't ibang kategorya ng pagsusuri sa laboratoryo (Mga pangunahing metabolic panel; Screening sa kolesterol; Kompletong bilang ng dugo; Mga profile ng fasting lipoprotein; Pangkalahatang panel sa kalusugan; Urinalysis) at 10 Venipuncture kapag hindi nauugnay sa pang-iwas, pagbubuntis o aksidenteng pinsala na pangangalaga.
	Imaging (Mga CT/PET scan, MRI)	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang pag-apruba. Mayroong \$100 na multa kung hindi nakakuha ng paunang pag-apruba.

Karaniwang Medikal na Kaganapan	Mga Serbisyong Maaaring Kailangan Mo	Ang Babayaran Mo		Mga Limitasyon, Pagbubukod, at Iba Pang Mahahalagang Impormasyon
		Nasa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamaliit)	Wala sa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamalaki at maaaring masingil ka sa balanse)	
<b>Kung kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kondisyon</b> Available ang higit pang impormasyon tungkol sa <u>coverage ng inireresetang gamot</u> sa <a href="http://fepblue.org/formulary">fepblue.org/formulary</a>	Tier 1 (Mga piniling generic na gamot)	\$5/reseta (pang-30 araw na supply). Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	\$15/reseta para sa pang-31 hanggang pang-90 araw na supply. Hindi kasama ang mga hindi piniling generic na gamot.
	Tier 2 (Mga piniling gamot na may brand, Mga piniling generic na <u>espesyal na gamot</u> at Mga piniling <u>espesyal na gamot</u> na may brand)	40% <u>coinsurance</u> . Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	\$350 na maximum/reseta para sa pang-30 araw na supply. \$1,050 na maximum/reseta hanggang sa pang-90 araw na supply. Hindi kasama ang mga hindi piniling gamot na may brand at mga Hindi piniling espesyal na gamot.
<b>Kung mayroon kang operasyon na pang-outpatient</b>	Mga bayarin sa pasilidad (hal., ambulatory na surgery center)	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang pag-apruba para sa ilang partikular na serbisyong pang-operasyon. Mayroong \$100 na multa kung hindi nakakuha ng paunang pag-apruba.
	Mga bayad sa doktor/surgeon	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang pag-apruba para sa ilang partikular na serbisyong pang-operasyon. Mayroong \$100 na multa kung hindi nakakuha ng paunang pag-apruba.
<b>Kung kailangan mo ng agarang medikal na atensyon</b>	<u>Pangangalaga sa emergency room</u>	30% <u>coinsurance</u>	30% <u>coinsurance</u>	Wala kang babayaran kapag nakatanggap ka ng pangangalaga para sa iyong aksidenteng pinsala sa loob ng 72 oras.
	<u>Medikal na transportasyon na pang-emergency</u>	30% <u>coinsurance</u>	30% <u>coinsurance</u>	Wala kang babayaran kapag nakatanggap ka ng pangangalaga para sa iyong aksidenteng pinsala sa loob ng 72 oras.
	<u>Agarang pangangalaga</u>	\$25/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	Wala kang babayaran kapag nakatanggap ka ng pangangalaga para sa iyong aksidenteng pinsala sa loob ng 72 oras. Magbabayad ka ng \$25/pagpapatingin para sa pangangalagang may kaugnayan sa mga serbisyong medikal na emergency na ginawa sa wala sa network na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Karaniwang Medikal na Kaganapan	Mga Serbisyong Maaaring Kailangan Mo	Ang Babayaran Mo		Mga Limitasyon, Pagbubukod, at Iba Pang Mahahalagang Impormasyon
		Nasa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamaliit)	Wala sa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamalaki at maaaring masingil ka sa balanse)	
<b>Kung mayroon kang pananatili sa ospital</b>	Bayad sa pasilidad (hal., silid ng ospital)	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang sertipikasyon. Babawasan namin ang mga benepisyo para sa pananatili sa ospital na inpatient ng \$500 kung walang makikipag-ugnayan sa amin para sa paunang sertipikasyon.
	Mga bayad sa doktor/surgeon	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang pag-apruba para sa ilang partikular na serbisyong pang-operasyon. Mayroong \$100 na multa kung hindi nakakuha ng paunang pag-apruba.
<b>Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kalusugan ng pag-uugali, o pag-abuso sa kontroladong kemikal</b>	Mga serbisyong pang-outpatient	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang pag-apruba para sa mga serbisyong pantahanang paggamot na outpatient.
	Mga serbisyong pang-inpatient	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang sertipikasyon para sa mga pananatili sa ospital na inpatient. Babawasan namin ang mga benepisyo para sa pananatili sa ospital na inpatient ng \$500 kung walang makikipag-ugnayan sa amin para sa paunang sertipikasyon.
<b>Kung ikaw ay buntis</b>	Mga pagpapatingin sa tanggapan	Walang bayad. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	Hinihiling ang paunang pag-apruba. Hindi nalalapat ang pagbabahagi ng gastos para sa mga serbisyong pang-iwas. Maaaring kabilang sa pangangalaga sa pagbubuntis ang mga pagsusuri at serbisyong inilarawan sa ibang dako sa SBC (tulad ng ultrasound).
	Mga propesyonal na serbisyo para sa panganganak	Walang bayad. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	Hinihiling ang paunang pag-apruba.
	Mga serbisyo sa pasilidad para sa panganganak	\$1,500 na copayment. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	Hinihiling ang paunang pag-apruba.

Karaniwang Medikal na Kaganapan	Mga Serbisyong Maaaring Kailangan Mo	Ang Babayaran Mo		Mga Limitasyon, Pagbubukod, at Iba Pang Mahahalagang Impormasyon
		Nasa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamaliit)	Wala sa Network na Provider (Magbabayad ka ng pinakamalaki at maaaring masingil ka sa balanse)	
<b>Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapagaling o may iba pang espesyal na pangangailangan sa kalusugan</b>	<u>Pangangalagang pangkalusugan sa bahay</u>	\$25/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	10 pagpapatingin/taon ng kalendaryo
	<u>Mga serbisyo sa rehabilitasyon</u>	\$25/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	25 pagpapatingin/taon ng kalendaryo. Kasama ang mga therapy para sa pisikal, occupational at pagsasalita.
	<u>Mga serbisyo sa habilitasyon</u>	\$25/pagpapatingin. Hindi nalalapat ang <u>deductible</u> .	Hindi saklaw	25 pagpapatingin/taon ng kalendaryo. Limitado ang coverage para sa therapy sa pisikal, occupational at pagsasalita.
	<u>Pangangalaga sa may kasanayang pagkalinga</u>	Hindi saklaw	Hindi saklaw	Wala
	<u>Matibay na kagamitang medikal</u>	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Nangangailangan ang ilang serbisyo ng paunang pagpapahintulot. Mayroong \$100 na multa kung hindi nakakuha ng paunang pag-apruba.
	<u>Mga serbisyo sa hospisyo</u>	Tradisyonal na Pangangalaga sa Hospisyo at Patuloy na Pangangalaga sa Hospisyo sa Bahay: Walang bayad Pangangalagang Hospisyo na Inpatient: 30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Kinakailangan ang paunang pag-apruba para sa lahat ng serbisyo sa hospisyo. Mayroong \$100 na multa kung hindi nakakuha ng paunang pag-apruba. Pangangalagang Hospisyo na Inpatient: Ibinibigay ang mga benepisyo hanggang sa 30 magkakasunod na araw sa lisensyadong pasilidad bilang pasilidad sa hospisyo na inpatient.
<b>Kung nangangailangan ang iyong anak ng pangangalaga sa ngipin o mata</b>	Pagsusuri sa mata ng mga bata	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Limitado ang coverage sa mga pagsusuring nauugnay sa paggamot sa partikular na kondisyong medikal.
	Mga salamin ng mga bata	30% <u>coinsurance</u>	Hindi saklaw	Limitado ang coverage sa isang pares ng salamin sa mata sa bawat iniresetang insidente para sa ilang partikular na kondisyong medikal
	Pagpapatingin sa ngipin ng mga bata	Hindi saklaw	Hindi saklaw	Wala

## Mga Serbisyong Ibinukod at Iba Pang Saklaw na Serbisyo:

### Mga Serbisyong Pangkalahatang HINDI Sinasaklaw ng Iyong Plano (Tingnan ang brochure ng iyong FEHB Plan para sa higit pang impormasyon at listahan ng anumang iba pang hindi kasamang serbisyo.)

- Assisted Reproductive Technologies (ART)
- Operasyon sa pagpapaganda
- Pangangalaga sa ngipin (Nasa hustong gulang)
- Mga hearing aid
- Pangmatagalang pangangalaga
- Pribadong tungkulin sa pagkalinga
- Karaniwang pangangalaga sa mata (Nasa hustong gulang)
- Mga programa sa pagpapababa ng timbang

### Iba Pang Saklaw na Serbisyo (Maaaring malapat ang mga limitasyon sa mga serbisyong ito. Hindi ito kompletong listahan. Pakitingnan ang iyong brochure ng FEHB Plan.)

- Acupuncture (10 pagpapatingin na sinamahan ng chiropractic na pangangalaga/taon ng kalendaryo)
- Bariatric surgery
- Chiropractic na pangangalaga (10 pagpapatingin na sinamahan ng acupuncture/taon ng kalendaryo)
- Paggamot sa pagkabaog
- Hindi pang-emergency na pangangalaga kapag naglalakbay sa labas ng U.S.
- Karaniwang pangangalaga sa paa kung nasa ilalim ka ng aktibong paggamot para sa metabolic o peripheral vascular disease

**Iyong Mga Karapatan sa Pagpapatuloy ng Coverage:** Maaari kang makakuha ng tulong kung gusto mong ipagpatuloy ang iyong coverage pagkatapos magwakas nito. Tingnan ang brochure ng FEHB Plan, makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng HR/sistema ng pagreretiro, makipag-ugnayan sa iyong plano sa [contact number] o bumisita sa [www.opm.gov/insure/health](http://www.opm.gov/insure/health). Sa pangkalahatan, kung nawalan ka ng coverage sa ilalim ng plano, kung gayon, depende sa mga pangyayari, maaari kang maging kwalipikado para sa 31 araw na libreng palugit sa coverage, pag-convert ng policy (hindi-FEHB na indibidwal na policy), coverage ng equity ng asawa, o pansamantalang pagpapatuloy ng coverage (TCC). Maaaring available rin sa iyo ang iba pang opsyon sa coverage, kabilang ang pagbili ng indibidwal na coverage ng insurance sa pamamagitan ng Health Insurance Marketplace. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Marketplace, bisitahin ang [www.HealthCare.gov](http://www.HealthCare.gov) o tumawag sa 1-800-318-2596.

**Iyong Mga Karapatan sa Karaingan at Apela:** Kung hindi ka nasisiyahan sa pagtanggap sa coverage para sa mga claim sa ilalim ng iyong plano, maaari kang mag-apela. Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apela, pakitingnan ang Seksyon 3, “Paano ka makakakuha ng pangangalaga”, at Seksyon 8, “Ang proseso ng mga pinagtatalunang claim”, sa iyong brochure ng FEHB Plan. Kung kailangan mo ng tulong, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na kompanya ng BCBS sa numero ng serbisyo sa customer sa likod ng iyong ID card ng miyembro.

### Nagbibigay ba ang planong ito ng Minimum na Mahahalagang Coverage? [Oo]

Sa pangkalahatan, karaniwang kinabibilangan ng Minimum na Mahahalagang Coverage ang mga plano, insurance sa kalusugan na available sa pamamagitan ng Marketplace o iba pang indibidwal na mga policy sa merkado, Medicare, Medicaid, CHIP, TRICARE, at ilang iba pang coverage. Kung kwalipikado ka para sa ilang uri ng Minimum na Mahahalagang Coverage, maaaring hindi ka magiging kwalipikado para sa premium na kredito sa buwis.

### Natutugunan ba ng planong ito ang Mga Pamantayan sa Minimum na Halaga? [Oo]

Kung hindi nakakatugon ang iyong plano sa Mga Pamantayan sa Minimum na Halaga, maaari kang maging kwalipikado para sa premium na kredito sa buwis para tulungan kang magbayad para sa plano sa pamamagitan ng Marketplace.

### Mga Serbisyo sa Pag-access sa Wika:

[Spanish (Español): Para obtener asistencia en Español, llame al servicio de atención al cliente al número que aparece en su tarjeta de identificación.]

[Tagalog (Tagalog): Kung kailangan ninyo ang tulong sa Tagalog tumawag sa numero ng serbisyo sa customer na nasa inyong ID card.]

[Chinese (中文): 請撥打您 ID 卡上的客服號碼以尋求中文協助。]

[Navajo (Dine): Diné k'ehjí ya'áti' bee shiká'adoowoł nohsingo naaltsoos nihaa halne'go nidaahtinígíí bine'déé' Customer Service bibéesh bee hane'é biká'ígíí bich'i' dahodoolnih.]

**Para makakita ng mga halimbawa kung paano maaaring sagutin ng planong ito ang mga gastos para sa sample na medikal na sitwasyon, tingnan ang susunod na seksyon.**

## Tungkol sa Mga Halimbawang Coverage na ito:



**Hindi ito isang tagapagtantya ng gastos.** Ang mga paggamot na ipinakita ay mga halimbawa lang kung paano maaaring saklawin ng planong ito ang pangangalagang medikal. Mag-iiba ang iyong aktwal na mga gastos depende sa aktwal na pangangalaga na natatanggap mo, ang mga presyong sinisingil ng iyong mga provider, at marami pang ibang salik. Tumutok sa mga halaga ng pagbabahagi ng gastos (mga deductible, copayment at coinsurance) at mga hindi kasamang serbisyo sa ilalim ng plano. Gamitin ang impormasyong ito para ihambing ang bahagi ng mga gastos na maaari mong bayaran sa ilalim ng iba't ibang planong pangkalusugan. Pakitandaang batay sa self-only na coverage ang mga halimbawa ng coverage na ito.

### Pagkakaroon ng Sanggol ni Peg

(9 na buwang nasa network na pangangalaga bago ang panganganak at panganganak sa ospital)

- Ang kabuuang deductible ng plano \$500
- Espesyalista [pagbabahagi ng gastos] \$10
- Ospital (pasilidad) [pagbabahagi ng gastos] \$1,500
- Iba pa [pagbabahagi ng gastos] 30%

Kabilang sa HALIMBAWANG kaganapang ito ang mga serbisyo tulad ng:

Mga pagpapatingin sa tanggapan ng espesyalista (pangangalaga bago ang panganganak)

Mga Propesyonal na Serbisyo para sa Panganganak

Mga Serbisyo sa Pasilidad para sa Panganganak

Mga diagnostic na pagsusuri (mga ultrasound at pagsusuri sa dugo)

Pagpapatingin sa espesyalista (anesthesia)

<b>Kabuuang Halimbawang Gastos</b>	<b>\$12,700</b>
------------------------------------	-----------------

Sa halimbawang ito, magbabayad si Peg ng:

*Pagbabahagi ng Gastos*

<u>Mga Deductible</u>	\$0
<u>Mga Copayment</u>	\$1,500
<u>Coinsurance</u>	\$50

*Ano ang hindi saklaw*

Mga limitasyon o pagbubukod	\$60
-----------------------------	------

<b>Ang kabuuang babayaran ni Peg ay</b>	<b>\$1,610</b>
---	----------------

### Pamamahala sa type 2 Diabetes ni Joe

(isang taong nasa network na karaniwang pangangalaga sa ilalim ng mahusay na kontroladong kondisyon)

- Ang kabuuang deductible ng plano \$500
- Espesyalista [pagbabahagi ng gastos] \$10
- Ospital (pasilidad) [pagbabahagi ng gastos] 30%
- Iba pa [pagbabahagi ng gastos] 30%

Kabilang sa HALIMBAWANG kaganapang ito ang mga serbisyo tulad ng:

Mga pagpapatingin sa tanggapan ng doktor sa pangunahing pangangalaga (kabilang ang edukasyon ukol sa sakit)

Mga diagnostic na pagsusuri (pagsusuri sa dugo)

Mga inireresetang gamot

Matibay na kagamitang medikal (glucose meter)

<b>Kabuuang Halimbawang Gastos</b>	<b>\$5,600</b>
------------------------------------	----------------

Sa halimbawang ito, magbabayad si Joe ng:

*Pagbabahagi ng Gastos*

<u>Mga Deductible</u>	\$500
<u>Mga Copayment</u>	\$20
<u>Coinsurance</u>	\$1,700

*Ano ang hindi saklaw*

Mga limitasyon o pagbubukod	\$55
-----------------------------	------

<b>Ang kabuuang babayaran ni Joe ay</b>	<b>\$2,240</b>
---	----------------

### Simpleng Bali ni Mia

(nasa network na pagpapatingin sa emergency room at follow up na pangangalaga)

- Ang kabuuang deductible ng plano \$500
- Espesyalista [pagbabahagi ng gastos] \$10
- Ospital (pasilidad) [pagbabahagi ng gastos] 30%
- Iba pa [pagbabahagi ng gastos] 30%

Kabilang sa HALIMBAWANG kaganapang ito ang mga serbisyo tulad ng:

Pangangalaga sa emergency room (kabilang ang mga medikal na supply)

Diagnostic na pagsusuri (x-ray)

Matibay na kagamitang medikal (mga saklay)

Mga serbisyo sa rehabilitasyon (pisikal na therapy)

<b>Kabuuang Halimbawang Gastos</b>	<b>\$2,800</b>
------------------------------------	----------------

Sa halimbawang ito, magbabayad si Mia ng:

*Pagbabahagi ng Gastos*

<u>Mga Deductible</u>	\$500
<u>Mga Copayment</u>	\$100
<u>Coinsurance</u>	\$400

*Ano ang hindi saklaw*

Mga limitasyon o pagbubukod	\$0
-----------------------------	-----

<b>Ang kabuuang babayaran ni Mia ay</b>	<b>\$1,000</b>
---	----------------

Magiging responsible ang plano para sa iba pang gastos ng mga HALIMBAWANG saklaw na serbisyonang ito.